# *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 10*
# *Pahayag Kabanata 7-8*
# *Ang Pangalawang Pagparito ni Cristo – Ang Kapighatian*

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito ang ating talakayan tungkol sa kabilang buhay at ang mga pangyayari sa ikalawang pagparito ni Cristo mula sa aklat ng Pahayag

Sa ***Pahayag 7,*** sa kalagitnaan ng kapighatian, patuloy na tutubusin ng Dios ang ilang mga tao; kasama ang mga Israelita na Kanyang bayan gaya ng ipinangako Niya tulad ng mababasa natin dito, ***"22 Sapagka't kung paanong ang mga bagong langit at ang bagong lupa, na aking lilikhain ay mananatili sa harap ko, sabi ng Panginoon, gayon mananatili ang inyong lahi, at ang inyong pangalan." (Isaias 66:22 KJV)*** Kaya, patuloy Niyang gagawin iyon para sa kanila maging sa panahon ng kapighatian. Babaguhin ng Dios ang kanilang mga puso at babaguhin ang mga ito gaya ng Kanyang ipinangako, ***"26 Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman." (Ezekiel 36:26 KJV)*** Batay doon, kung gayon tatlong pangkat ang nilagay; ang mga naligtas bago ang kapighatian, ang mga naligtas sa panahon ng kapighatian, ang pangatlong pangkat ay ang mga Israelita, ang mga Israelita na lumapit upang sambahin ang Cordeo sa panahon ng kapighatian, ililigtas Niya sila alang alang sa pangako ng Dios kay Abraham, Isaac at Jacob. Tutuparin ng Dios ang Kanyang pangako sa Kanyang bayang, Israel, at kikilos upang iligtas sila, maging sa panahon ng kapighatian. Sila'y maliligtas sa panahon ng kapighatian bilang sila'y nanampalataya kay Jesus at bumalik sa Dios sa pagsisisi. Alang alang sa mga maliligtas sa panahon ng kapighatian kabilang na sa kanila ang mga Israelitang maniniwala kay Jesus, ang Dios ay magpipigil at magkokontrol sa kaguluhan sa panahon ng kapighatian upang ang Kanyang bayan ay maligtas. Basahin at pagnilayan natin ngayon ang ***Pahayag 7.***

***"1 At pagkatapos nito ay nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin ng lupa, upang huwag humihip ang hangin sa lupa, o sa dagat man, o sa anomang punong kahoy.*** (Ang apat na mga anghel na ito ang pipigil sa pagihip ng hangin sa lupa kaya ipagbabawal nila ang mga ito na magdulot ng kamatayan at pinsala.) ***2 At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw, na taglay ang tatak ng Dios na buhay: at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel na pinagkaloobang maipahamak ang lupa at ang dagat,*** (Narito ang anghel na ito na isinugo ng Dios ay lalagyan ng tanda ang mga naligtas sa gayo'y sila'y maligtas mula sa paparating na paghuhukom.) ***3 Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Dios.*** (Siya'y humihiyaw sa apat na mga anghel na pigilan ang paghatol mula sa mga natatakan. Sinasabi Niya sa kanila na maghintay hanggang siya at ang ibang mga anghel ay matapos na matatakan, gaya ng sinabi niya, ***"hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Dios. 4 At narinig ko ang bilang ng mga natatakan, na isang daan at apat na pu't apat na libo, na natatakan, sa bawa't angkan ng mga anak ni Israel:*** (Narinig dito ni Juan ang bilang nga mga naligtas sa mga Israelita. Nabigyan dito ng pagkakataon ang mga Judio na maligtas sa panahon ng kapighatian at sila'y sumamba sa cordero, si JesuCristo gaya ng mababasa natin sa ***Pahayag 15.*** Mula sa lahat ng mga angkan ng Israel ang mga taong maliligtas; 12000 sa bawat angkan pataas upang buuin ang bilang ng 144000 mula sa buong labindalawang mga angkan at gaya ng mga sumusunod.) ***5 Sa angkan ni Juda ay labingdalawang libo ang tinatakan; Sa angkan ni Ruben ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Gad ay labingdalawang libo; 6 Sa angkan ni Aser ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Neftali ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Manases ay labingdalawang libo; 7 Sa angkan ni Simeon ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Levi ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Isacar ay labingdalawang libo; 8 Sa angkan ni Zabulon ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Jose ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Benjamin ay labingdalawang libo ang tinatakan.*** (Kung titingnan mong muli sa mga angkan na binanggit, mapapansin mo na ang isang angkan ay nawawala. Binanggit Nya ang mga angkan ni Jose at Manase dahil ang angkan ni Jose ay dalawang angkan, Epraim at Manase. Posibleng si Jose ay para sa angkan ni Ephraim at si Manases para kay Manases. Sa ganoong sitwasyon ay dapat na may labintatlong angkan. Ang nawawalang angkan mula sa listahan ay ang angkan ni Dan. Bakit nawawala sa listahan ang angkang ito? Walang binanggit dito kung bakit ito nawawala, ngunit may ilang pahiwatig mula sa Kasulatan tungkol dito. Sa aklat ng mga Hukom, may kuwento tungkol sa mga dios diosan ni Mikas, na umupa ng isang Levita upang maging kanyang saserdote. Na Levita sa huli ay inupahan ng angkan ni Dan upang maging kanilang saserdote, at ginawa niya iyon gamit ang mga dios diosan ni Mikas, at ang pangyayaring iyon ng pagsamba sa dios diosan sa mga Israelita, ay naging dahilan sa angkan ni Dan, ay mahiwalay mula sa sangbahayan ng Dios at sila lubos na sumasamba sa mg adios diosan hanggang sa panahon ng pagpapatapon tulad ng mababasa natin dito ***"30 At itinayo sa kanilang sarili ng mga anak ni Dan ang larawang inanyuan: at si Jonathan na anak ni Gerson, na anak ni Manase, siya at ang kaniyang mga anak ay siyang mga saserdote sa lipi ng mga Danita hanggang sa araw ng pagkabihag sa lupain. 31 Gayon nila itinayo ang larawang inanyuan ni Michas na kaniyang ginawa, sa buong panahon na ang bahay ng Dios ay nasa Silo." (Mga Hukom 18:30-31 KJV)*** Ang pangalan ng Levitang iyon ay ***"Jonathan na anak ni Gerson, na anak ni Manase***, at ilang mga paliwanag ay

nagmungkahi na si Gershon ay ang anak ni Moises at si Moises ang lolo ng Levitang ito. Kapansin pansin na ang 'nun', o 'N' sa Manases, ay natanggal dahil sa iba pang mga titik sa mga inilimbag na kopya ng Hebreo na Bibliya, kaya kung wala ito, maaaring basahin si Manases na 'Maasseh' na binibigkas na parang 'Moises'. Ang mga Judio ay may paniwala na ito ay ginawa bilang parangal kay Moises, at upang ipahiwatig na siya ay higit na katulad ng anak ni Manases kaysa kay Moises, at makatarungan para sa kapakanan ni Moises na ang Levita ay hindi nadisiplina o pinahinto. Ang punto na nais kong itaas mula rito ay kung gaano kapinsala ang ginawang ito ng Levitang iyon na sakim sa pakinabang, na sadyang nagtulak sa lipi ni Dan sa pagsamba sa mga dios diosan. Nang hindi naituwid ang angkang iyon hanggang sa panahon ng pagpapatapon, hindi sila nagkakaroon ng pagkakataong malaman at ipamuhay ang katotohanan, kaya hindi sila nabigyan ng pagkakataong magsisi at bumalik sa Dios. Sa parehong paraan ngayon bakit kailangan nating lupigin ang lahat ng mga muog ng mga pagsamba sa dios diosan, upang ang mga tao ay may pagkakataon na malaman ang katotohanan at magsisi at bumalik sa Dios, Huwag dapat tayong makipagkompromiso at itago ang kasalanan kapag nakita natin ang pagsamba sa dios diosan at masasamang gawain na pumapasok sa buhay ng bayan ng Dios at ng simbahan.) ***9 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman, na mula sa bawa't bansa at lahat ng mga angkan at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan at sa harapan ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay; 10 At nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero.*** (Ang kapighatian ng mga pangyayaring ito ng paghuhukom ng Dios ay magbubunga sa pagtubos sa mga tao. Ang mga tinubos ay sasamba sa Cordero, si Jesucristo, tulad ng mababasa natin sa mga talata 9-10, gayundin sa mga talata 13-14. Sila ay malaking pulutong ng lahat ng bansa, bayan at wika. Ang mga tinubos sa panahon ng kapighatian ay sasamba sa Cordero, ang Panginoong JesuCristo, kasama ng nirapture na simbahan.) ***11 At ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay; at sila'y nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Dios, 12 Na nangagsasabi, Siya nawa: Pagpapala at kaluwalhatian, at karunungan, at pagpapasalamat, at karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan, nawa ang sumaaming Dios magpakailan kailan man. Siya nawa.*** (Ang nirapture na simbahan ay sasamba sa Panginoon sa Langit sa panahon ng kapighatian kasama ang ikalawang pangkat na tinubos sa panahon ng kapighatian at kasama natin. Ang sumusunod ay karagdagang paglalarawan ng tinubos na pangkat sa panahon ng kapighatian na nabanggit sa unahan ng mga talata 9-10.) ***13 At sumagot ang isa sa matatanda na, nagsasabi sa akin, Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit, ay sino-sino at saan nagsipanggaling? 14 At sinabi ko sa kaniya, Panginoon ko, Ikaw ang nakakaalam. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Corder0.*** (Dito ang isa sa matatanda ay nagtanong kay Juan tungkol sa mga kinuha at naligtas sa panahon ng kapighatain, at sinagot ni Juan ang matanda na kilala niya, kaya ang Matanda ay nagpatuloy at sinabi sa kanya na sila ang mga taong tinubos sa panahon ng malaking kapighatian, ***" Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Corder0."*** Ang damit na hinugasan nila at pinaputi sa dugo ni Jesus, ibig sabihin ang matutuwid na mga banal, ***"At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal." (Pahayag 19:8 KJV)*** Ipinaliwanag ng matanda kay Juan na ang mga pinatunayan ang kanilang sarili na sila'y mabubuting tao, sa paghuhugas ng kanilang mga damit at pinaputi ang mga ito, na walang kasalanan, sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. Sila ay nagsisi, tumalikod sa mga kasalanan at nagtiis na pumasok sa makipot na pintuan patungo sa tuwid na daan at handang usigin at patayin pa dahil sa pangalan ni Cristo. * Ang panahon ng kapighatain ay magiging isang kakilakilabot na panahon; kaya pinapayuhan natin ang mga mananampalataya, at ikaw at tayo na kabilang sa kanila na dapat batid ang ating hangganan at sumunod, magsisi at bumalik sa Dios upang hindi tayo dumaan sa kapighatian. * Bagaman ang Dios ay maawain, at nagbibigay pa rin ng pagkakataon ng kaligtasan sa panahong ito, ngunit sa mga manampalataya sa panahong ito, ang kanilang pananampalataya ay masusubok at kailangan nilang patunayan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pag uusig at mamatay upang patunayan ang kanilang masidhing pananampalataya kay Cristo. Hindi ko sinasabi dito ang tungkol sa mga Judio kundi ang tungkol sa mga Hentil na papasok sa panahon ng kapighatain at sila'y hindi pa ligtas.) ***"15 Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios; at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo.*** Ang lahat ng mga pamantayang iyon matapos nilang marapture. pagkatapos nilang patunayan ang kanilang sarili na karapat dapat, sila'y tatayo sa sa harap ng luklukan ng Dios sapagkat pinatunayan nila ang kanilang pananalig at pangko sa Dios at kay Cristo. Sila'y mapapasa harap ng lukukan ng Dios at sila ay sasamba sa Kanya at maglilingkod sa Kanya, at Siya ay mananahan sa kanila, at sila ay magiging pareho sa atin at sa mga tinubos bago ang panahon ng kapighatian. Kapag sinabi nito, ***" at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo."***, ibig sabihin niyon sila'y hindi mahihiwalay mula kay Cristo mula ngayon at magpakailanman.) ***"16 Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init:*** (Upang mapasa isang niluwalhating katawan, ay ang makalaya mula sa mga hangganan ng katawan, na gutom, uhaw, at ang epekto ng temperatura ng kapaligiran sa paligid, gayundin maaari nating idagdag sa gayon na wala nang sakit, o ang mga epekto ng mga karamdaman, dahil iyon ang mga epekto ng mga mortal na katawan dahil sa rapture tayo ay nasa mga niluwalhating katawan. Pati na wala na ring luha o kalungkutan, at wala nang takot,) ***"17 Sapagka't ang***

***Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata.*** (Sa pagiging nasa niluwalhating katawan, ay nangangahulugang masiyahan sa presensya ni Jesus sa Kanyang luklukan, ang Cordero ng Dios, at iyon ang magiging pagkain natin, at ang ating direksyon sa tubig na buhay.) ***Pahayag 7:1-17 KJV)*** Sa pangitain ng rapture si Cristo ay mapapasa gitna ng Kanyang bayan sa panahon ng rapture at kapighatian. Siya ay nasa gitna ng luklukan, at inagaw dinala ang Kanyang bayan at dinala sila sa palibot Niya. Pupurihin natin Siya, at, papahirin Niya ang lahat ng luha sa ating mga mata. Ang ating pinagdadaanan mula sa mga problema at kapighatian sa buhay ay babayaran kalaunan ng Dios, na papahirin ang lahat ng ating luha. Kapag nakilala natin ang Panginoon sa himpapawid papahirin Niya ang ating mga luha at patuloy nating mararanasan iyan sa buong kawalang hanggan, tulad ng mababasa natin sa ***Pahayag 21*** sa panahon ng bagong Langit at bagong lupa, sa panahon ng pagpanaog ng Langit na Jerusalem, kung paanong papahirin ng Dios ang ating mga luha tulad ng mababasa natin dito, ***"1 At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na. 2 At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa. 3 At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila: 4 At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na." (Pahayag 21:1-4 KJV)***

Sa panahon ng kapighatian, ang mga tao sa lupa ay aanihin sa lupa ang kaguluhan at kamatayan. Ang Cordero, si JesuCristo, ay ang may kontrol nang mangyayari sa lupa sa panahon ng kapighatian gaya ng mababasa natin sa ***Pahayag 8*** at ***9.*** Magkakaroon ng poot ng Dios at magkakaroon ng poot mula kay Satanas. Ngunit ang Dios ay magiging ganap na may kontrol. Ang layunin ng pagdadala ng Kanyang paghuhukom at hindi lamang upag parusahan ang masama kundi upang dalhin ang mga handang magsisi. Ang kaguluhan at kamatayan ay magiging napakalaki, at ang kapangyarihan ni Cristo na maglalabas ng paghatol na ito ay magiging napakalaki, na naguumpisa ito na may karangalan at kakila-kilabot, unang nabanggit na may katahimikan ng takot sa Dios at pagkamangha habang winawasak ng Cordero ang ikapitong tatak. Basahin at pagnilayan natin ang ***Pahayag 8.***
***"1 At nang buksan niya ang ikapitong tatak, ay nagkaroon ng katahimikan sa langit na may kalahating oras. 2 At nakita ko ang pitong anghel na nangakatayo sa harapan ng Dios; at sila'y binigyan ng pitong pakakak.*** (Ang pakapak ng paghatol ay ang mga pitong sugong anghel mula sa Cordero. Ang mga pakapak ay ibinigay sa kanila upang ihayag ang paghatol ng Dios. Palaging ihahayag ng Dios ang Kanyang paghatol sa mga taong sumuway sa Kanya bilang isang babala sa kanila, at kung hindi sila magsisi ipapadala Niya nag Kanyang paghatol sa kanila. Samakatuwid isaalang alang ang mensaheng ito sa iyo bilang isang babala na kailangan mong magsisi at tumalikod sa iyong mga maling gawa.) ***3 At dumating ang ibang anghel at tumayo sa harap ng dambana, na may hawak na isang gintong pangsuob ng kamangyan; at binigyan siya ng maraming kamangyan, upang idagdag ito sa mga panalangin ng lahat ng mga banal sa ibabaw ng dambanang ginto, na nasa harapan ng luklukan. 4 At ang usok ng kamangyan, kalakip ng mga panalangin ng mga banal, ay napailanglang mula sa kamay ng anghel, sa harapan ng Dios.*** (Ang paghatol ay sumasabay sa mga panalangin ng bayan ng Dios bilang handog sa Cordero sa lulukan sa pamamagitan ng isang anghel na sugo. Sa tabernakulo ng Dios, ang gintong dambana ay nasa dakong banal, ay ang saserdote ay maghahandog ng kamangyan sa ibabaw nito, upang maamoy ng Panginoon. * Sasagutin ng Dios ang ating mga panalangin at kahilingan sa Kanyang tamang panahon gaya ng pagdadala Niya ng paghatol sa mga taong umusig sa atin at nagpapakita ng kawalang malasakit at sumasalungat sa mensaheng ipinapahayag natin sa kanila. * Tuwing nag-eebanghelyo tayo at nagsasabi ng Salita ng Dios at nilalabanan tayo ng mga tao, ipinalangin natin sila; kung hindi sila tutugon, hahatulan sila ng Dios sa Kanyang ikalawang pagparito. Kapag ipinangaral at itinuro natin ang Salita ng Dios, at inusig tayo ng mga tao, ipanalangin natin sila. Ipinagdarasal natin ang mga taong nakikitungo sa atin ng masama, at kapag hindi sila tumugon, hahatulan sila ng Dios sa Kanyang ikalawang pagparito. * Kaya hindi natin kailangang lumaban o maghiganti o sumama ang loob sa mga taong gumagawa sa atin ng masama, dahil nariyan ang Dios at hahatulan Niya sila sa Kanyang panahon. Ang kailangan nating gawin ay ipanalangin sila, linisin ang ating puso at huwag magkaroon ng sama ng loob sa kanila.) ***5 At kinuha ng anghel ang pangsuob ng kamangyan; at pinuno niya ng apoy ng dambana, at itinapon sa lupa: at nagkaroon ng mga kulog, at mga tinig, at mga kidlat, at ng isang lindol.*** (Bilang isang sagot sa mga panalangin, kinuha ng anghel ang pangsuob ng kamangyan at pinuno ng apoy mula sa dambana ng Dios, ang dambana ng pagsamba, ang dambana ng paghatol, at itinapon sa lupa sa anyo ng kulog, kidlat at lindol bilang paghatol ng Dios sa masama. Kaya't hindi nating kailangang makipag away at maghiganti; gagawin iyon ng Dios para sa atin.) ***6 At ang pitong anghel na may pitong pakakak ay nagsihanda upang magsihihip.*** (Narito ang pitong anghel ay inihanda ang kanilang sarili upang dalhin ang paghatol ng Dios.) ***7 At humihip ang una, at nagkaroon ng granizo at apoy, na may halong dugo, at itinapon sa lupa: at ang ikatlong bahagi ng lupa ay nasunog, at ang ikatlong bahagi ng mga punong kahoy ay nasunog, at ang lahat ng sariwang damo ay nasunog.*** (Ang unang anghel mula kay Cristo nang humihip siya, ang granizo at apoy na may halong dugo ang

ikatlong bahagi ng mga puno at ng sariwang damo. Ang katulad sa ginawa ng Dios nang nilabanan Siya ni Faraon. Ipinadala niya ang granizo na lumupig sa mga halaman at sa mga puno dahil si Faraon ay sumuway, matigas ang ulo at mapaghimagsik. Ginawa iyon ng Dios upang pilitin siya na sumunod sa Kanya. * Gayun din ang gagawin ng Dios para sa iyo kapag sinuway mo Siya. Aalisin Niya ang luntian at magagandang bagay sa iyong buhay upang pilitin kang magsisi at bumalik sa Kanya. * Maraming beses na hindi mo naoobserbahan ang ginagawa ng Dios sa pagbibigay ng mabubuting bagay sa iyo. Hindi mo ito malalaman ngunit kapag inalis ito ng Dios sa iyong buhay. Pinahahalagahan mo ba ang luntiang bukid, ang mga luntiang halaman at ang mga puno na hinahayaan ng Diyos at mga halaman sa paligid mo? Ang kabutihan ng Dios ang layunin nito ay akayin ka sa pagsisisi.) ***8 At humihip ang ikalawang anghel, at ang tulad sa isang malaking bundok na nagliliyab sa apoy ay nabulusok sa dagat: at ang ikatlong bahagi ng dagat ay naging dugo; 9 At namatay ang ikatlong bahagi ng mga nilalang na nasa dagat, na mga may buhay; at ang ikatlong bahagi sa mga daong ay nawalat.*** (Ang pangalawang anghel mula kay Cristo nang hinipan niya ang pakapak, ang malaking bundok ay nagliliyab sa apoy ay bumulusok sa dagat at nagdulot sa ikatlong bahagi ng dagat na naging dugo, at ang ikatlong bahagi ng mga nilalang sa dagat ay namatay, at ang ikatlong bahagi sa daong ay nawasak. Ang ikatlong bahagi ng pagkain sa dagat ay nawala, at ang ikatlong bahagi ng mga daong ay nawasak na makakaapekto ng higit sa pamilihan at panustos ng pagkain at iba pang mga kalakal na ipinapadala sa pagitan ng iba't ibang bahagi ng mundo. Pinahahalagahan mo ba ang malawak na pagkain sa dagat na inihanda ng Dios para sa iyo? Tingnan ang magagandang bagay na inihanda ng Dios para sa iyo, isaalang alang at taimtim na magsisi.) ***10 At humihip ang ikatlong anghel, at nahulog mula sa langit ang isang malaking bituin, na nagliliyab na gaya ng isang sulo, at nahulog sa ikatlong bahagi ng mga ilog, at sa mga bukal ng tubig; 11 At ang pangalan ng bituin ay Ajenjo: at ang ikatlong bahagi ng tubig ay naging ajenjo; at maraming tao ay nangamatay dahil sa tubig, sapagka't mapait ang tubig.*** (Gay Ng ikatlong anghel na sinugo mula kay Cristo ay sinimulang patunugin ang pakapak, isang malaking bituin na nagliliyab ang bumaba sa Langit na pinangalanang ***"Ajenjo"***, na ang ibig sabihin ay kapaitan, ay gagawin ang isang ikatlo ng mga ilog at bukal ng lupa sa isang nakamamatay na kapaitan na pait na papatay sa maraming iinom nito. Pahalagahan mo ngayon na may Langit sa itaas mo at ang mga bituin ay nakabitin doon sa lugar na iyon. Pahalagahan din na ikaw ay umiinom ng matamis na tubig at hindi mapait ni maulap, ni marumi.) ***12 At humihip ang ikaapat na anghel, at nasugatan ang ikatlong bahagi ng araw, at ang ikatlong bahagi ng buwan, at ang ikatlong bahagi ng bituin; upang magdilim ang ikatlong bahagi nila, at upang ang ikatlong bahagi ng maghapon ay huwag lumiwanag, at gayon din naman ang gabi.*** (Ang ikaapat na anghel na sugo mula kay Cristo nang hinipan niya anga pakapak, ay sinimulang sinugatan ang isang ikatlong bahagi ng araw, buwan, at mga bituin upang ang isang ikatlong bahagi ng maghapon at gabi ay madilim. Pahalagahan at magpasalamat sa Dios para sa liwanag ng araw sa maghapon at liwanag ng buwan at mga bituin sa gabi. Kung walang araw walang halaman na lalago at walang pagkain mula sa mga halaman ang magpaparami, at titigil ang siklo ng buhay. Kung wala ang araw paggising mo sa umaga ay madilim, at kung wala ang buwan at ang mga bituin kapag naglalakad ka sa gabi ay madilim.) ***13At nakita ko, at narinig ko ang isang anghel, na lumilipad sa pagitan ng langit, na nagsasabi ng malakas na tinig, Sa aba, sa aba, sa aba ng mga nananahan sa ibabaw ng lupa, dahil sa mga ibang tunog ng pakakak ng tatlong anghel, na magsisihihip pa." (Pahayag 8:1-13 KJV)*** (Ang isang anghel na sugo ay ipinahayag ang kabuoang kilabot ay darating sa mga tao bilang bunga ng kaguluhan sa lupa mula sa Paghatol ng Cordero sa pamamagitan ng Kanyang ika lima, ika anim at ika pitong mga sugong anghel na darating. Ang mga tao sa lupa ay nawasak mula sa lupa sa pamamagitan ng unang apat na sugong anghel sa kabanata 8 at lalong sisirain ng ikalima, ikaanim at ikapitong sugong anghel na magbibigay diin sa mapanirang gawain ni Satanas sa mga tao sa mundo. Pahalagahan mo ngayon na kapag tumingin ka sa Langit ay natitiyak ka sa awa ng Dios at sa Kanyang mabubuting pangako sa iyo. Mabuhay ngayon sa takot sa Panginoon. Magsisi sa iyong mga kasalanan at pagkukulang at lumapit sa Panginoon, magpakumbaba at simulan ang paglilingkod sa Kanya at mamuhay para sa Kanya.) ***(Pahayag 8:1-13 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Patuloy na pagnilayan ang lahat na iyong tinanggap mula sa mensahe. Pahalagahan ang lahat ng mabubuting bagay na inihanda ng Dios at ikaw ay nagsisiyahan mula sa liwanag, init, pagkain, inumin, halaman at luntian. Pahalagahan ang Kanyang kabutihan at katapatan sa pagsagot sa iyong mga panalangin at sa pagbibigay ng lahat ng iyong pangangailangan. Pahalagahan ang mensahe, na tumatanggap ka ng babala at Kanyang paanyaya para sa iyo na magsisi sa lahat ng iyong kasalanan at baguhin ang iyong mga paraan upang maging handa sa Kanyang pagdating.

Ito'y napapanahon para sa inyo na lumabas mula sa lahat ng inyong mga kasalanan, dios-diosan, pagsamba sa inyong mga dios-diosan, kamunduhan, imoralidad at maling gawain; upang talikuran ang lahat ng mga ito, at maging handang dumaan sa makipot na pintuan at sa mga landas at plano na mayroon ang Dios para sa inyo.

Kung ikaw ay dumadaan sa paghihirap at pag uusig sa gayon mahikayat sa iyong pagpapagal, paghihirap at pag uusig ay ay hindi magiging walang kabuluhan. Gagantimpalaan ka ng Dios at haharapin ng Dios ang mga umuusig sa iyo at ipapakita ang kaibahan ng mensahe ng Dios na ibinibigay mo sa kanila. Kaya't magtiyaga, patuloy na gawin ang gayon hanggang Siya ay bumalik dahil masagana kang gagantimpalaan.
Tayo ay manalangin…..

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong mensahe sa akin. Panginoon salamat para sa lahat ng iyong kabutihan at sa lahat ng inilaan mo sa akin upang gawing ang aking buhay na mas maganda at makahulugan. Panginoon salamat para sa babala at sa pagsaway at sa pagtutuwid na tinanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon salamat para sa paghihikayat na tinanggap ko na nagtutulak sa akin na sumulong na magpatuloy na gawin ang gawain mo hanggang dalhin ako sa Langit.*

*Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan, upang ikaw ay maging handa at makuha sa rapture kapag si Cristo at bumalik at kunin tayo kasama Niya sa Langit, at ikaw ay hindi dumaan sa panahon ng kapighatian. Talikuran ang iyong mga kasalanan ng kamunduhan, pagibig sa materyal na mga bagay, kasiyahan at katanyagan. Talikuran ang pagnanasa ng mga mata at ang pagnanasa ng iyong puso. Talikdan ang walang pagpapasalamat at walang katapatan sa Dios at sa Kanyang mga gawa. Talikdan ang iyong mga dios-diosan at ang makasalanang kaugalian na iyong ipinamumuhay at sinasamba, at ang mga bagay na iyong minamahal at pinararangalan nang higit kaysa sa Dios. Iwaksi ang iyong mga imoralidad, kasinungalingan, pagnanakaw, katamaran, at kasakiman. Iwaksi ang iyong mga pag aalinlangan, kawalan ng pananampalataya, pakikisama sa mga di mananampalataya, pagpapakita ng masamang halimbawa sa iba, pag aaksaya ng oras sa Media, balita at mga laro. Iwaksi ang iyong masamang pangangasiwa, walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa ng pag uusig para sa Kanya, ang iyong katigasan ng ulo at ang iyong naantalang pagsunod.*

*Panginoon patawarin ako, Nagsisi ako mula sa sumusunod na mga kasalanan* ________________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ipamuhay ang aking buhay at malayo mula sa kasalanan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na gawin ang iyong kalooban at ang mabuting plano na mayroon ka para sa akin. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maglingkod sa iyo at patuloy na magtiis sa iyong paglilingkod sa kabila ng lahat ng pagtanggi at pag uusig na ako'y malalantad hanggang sa dumating ka o hanggang sa dalhin mo ako sa Langit. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na yumaon at ipangaral ang evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mg alagad sa lahat ng mga bansa. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na manalangin para sa naliligaw na mga kaluluwa upang tumugon sa iyo at sa iyong Salita. Panginoon itaas ako ng iyong biyaya at awa, maglaan para sa akin at protektahan ako mula sa pag uusig hanggang makamit Ko ang iyong layunin sa aking buhay at sa buhay ng mga taong nakapalibot sa akin at sa ilalim ng aking pangangalaga.*

*Panginoon salamat para sa aking mga Kapatid na Lalaki at Babae na nangagpapasalamat sa iyo at ipinangako ang kanilang buhay na ipamuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo sa pangangaral ng iyong Salita at ng iyong kalooban. Panginoon protektahan sila at maglaan para sa kanila at puspusin sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan bilang ipinangako namin ang aming buhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon protektahan kami at patnubayan kami ng iyong Banal na Espiritu upang ituro ang iyong Salita at iyong pangalawang pagparito sa mga taong nakapalibot sa amin at sa aming mga anak at alagad. Panginoon paging dapatin kami na abutin ang bagong mga tao ng evangelio ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon patnubayan kaming magtanim ng bagong mga pag aaral ng Biblia at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan Yugto 10. Pahayag Mga Kabanata 7-8. Ikalawang Pagparito ni Cristo - ang Kapighatian. Isaias 66:22. Ezekiel 36:26. Pahayag 7:1-17. Mga Hukom 18:30-31. Pahayag 19:8. Pahayag 21:1-4. Pahayag 8:1-13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com